

Marso 11, 2026

Mahalagang paunawa mula sa Department of Developmental Services tungkol sa:

PAGPAPATUPAD NG REPORMA SA SINGIL PARA SA MGA PANG-ARAW NA SERBISYO SA NASA HUSTONG GULANG: MGA PANG-ARAW NA PROGRAMA PARA SA PAG-UUGALI

D-2026-Reporma sa Singil-002

Ang Dapat Malaman

Ipinapaliwanag sa paunawang ito ang mga patakaran para sa mga Pang-araw na Programa para sa Pag-uugali (code ng serbisyo 532). Ito ay mula sa isang direktibang inilabas noong Disyembre 19, 2025 ([D-2024-Reporma sa Singil-008 REV](#)).

Ano ang Magbabago

Hindi binabago ng direktibang ito kung paano tumatanggap ng mga serbisyo ang mga indibidwal at pamilya. Ang direktibang ito ay para sa mga regional center at provider. Ito ay para sa mga regional center na nahihirapang kumuha ng mga Board-Certified Behavior Analysts (BCBA) o mga Behavior Management Consultant. Dahil dito, binibigyan ng Kagawaran ang mga regional center ng hanggang Pebrero 28, 2026, upang matugunan ang mga kinakailangan sa tauhan para sa mga Pang-araw na Programa para sa Pag-uugali. Hindi susuriin ng Kagawaran ang mga kinakailangang ito hanggang pagkatapos ng Marso 1, 2027.

Mga Katanungan

Ang mga provider na may mga katanungan ay dapat makipag-ugnayan sa regional center na nag-apruba sa kanilang mga serbisyo. Ang mga regional center na may mga katanungan ay maaaring mag-email sa ratesquestions@dds.ca.gov.

Alamin Pa

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin ang [seksyon ng Reporma sa Singil sa website ng Kagawaran](#). (<https://www.dds.ca.gov/rc/vendor-provider/rate-reform/>)